Ilang Prinsipyo ng Propesiya

Liksyon 1, Pangalawang Semestre, Marso 29-Abril 4, 2025

Hapon ng Sabbath, Marso 29

Talatang Sauluhin:

“Kundi magmapuri sa ganito ang lumuluwalhati, na kaniyang nauunawa, at kaniyang nakikilala ako, na ako ang Panginoon na nagsasagawa sa lupa ng kagandahang-loob, kahatulan at katuwiran; sapagka't sa mga bagay na ito ay nalulugod ako, sabi ng Panginoon. KJV - Jeremias 9:24

“"Ang mga propesiya na ibinigay ng dakilang AKO NGA na nagdurugtong sa bawat tanikala ng mga pangyayari—mula sa walang-hanggan sa nakaraan hanggang sa walang-hanggan sa hinaharap—ay nagtuturo sa atin kung nasaan tayo ngayon sa paglalakbay ng mga kapanahunan at kung ano ang maaari nating asahan sa darating na panahon. Ang lahat ng inihulang mangyayari, hanggang sa kasalukuyang panahon, ay nasusulat na sa mga pahina ng kasaysayan, at maaari tayong masigurado na ang lahat ng mga bagay na hindi pa nagaganap ay matutupad sa takdang panahon nito." PK 536.3

"Ngayon, ang mga tanda ng panahon ay nagsasabi na tayo ay nakatayo sa hangganan ng mga dakila at mararangal na mga kaganapan. Ang lahat sa ating sanlibutan ay nasa kaguluhan. Sa ating harapan ay nagaganap ang katuparan ng hula ng Tagapagligtas hinggil sa mga pangyayaring mauuna sa Kaniyang pagdating: ‘At mangakakarinig kayo ng mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan... magsisitindig ang bansa laban sa bansa, at ang kaharian laban sa kaharian; at magkakagutom at lilindol sa iba't ibang dako." Mateo 24:6, 7; PK 536.4

"Ang kasalukuyan ay isang panahon ng lubhang kapana-panabik na interes para sa lahat ng nabubuhay. Ang mga namumuno, mga taong may pananagutan at kapangyarihan, mga kalalakihan at kababaihan mula sa iba't ibang uri ng pamumuhay, ay nakatuon ang pansin sa mga nagaganap sa ating paligid. Kanilang binabantayan ang ugnayan ng mga bansa. Nakikita nila ang tindi ng damdamin na sumasakop sa lahat ng panlupang elemento, at kanilang napagtatanto na may isang dakila at tiyak na pangyayari ang malapit nang maganap—na ang sanlibutan ay nasa bingit ng isang napakalaking krisis." PK 537.1

"Ang Biblia, at ang Biblia lamang, ang nagbibigay ng wastong pananaw ukol sa mga bagay na ito. Dito inihahayag ang mga dakilang huling tagpo sa kasaysayan ng ating daigdig—mga pangyayaring ngayo’y nagpapakita na ng kanilang mga anino, at ang tunog ng kanilang paglapit ay nagpapayanig sa lupa at nagpapapanginig sa puso ng tao dahil sa takot." PK 537.2

Linggo, Marso 30

Unawain ng Bumabasa

Basahin ang Mateo 24:15 ; Apocalipsis 1:3 ; Mateo 11:29 ; at Jeremias 9:23, 24 . Ano ang iminumungkahi ng mga talatang ito tungkol sa layunin ng Diyos na maintindihan Siya ?

““Kaya nga, kung inyong makita (ang Kaniyang mga tagasunod na mabubuhay sa panahong ang kapangyarihang ito ng sungay ay kumikilos laban sa Diyos, sa Kaniyang katotohanan, at sa Kaniyang bayan) ang kasuklam-suklam na pagkapahamak, na sinabi ni Daniel na propeta, na nakatayo sa dakong banal, (ang bumabasa ay unawaing mabuti:)...”Ang malinaw na mga salita ni Cristo Mismo ay naglalagay ng gawaing ito ng kapangyarihan sa hinaharap mula sa Kaniyang kapanahunan. –{3TR 25.3}

Nang ang Sabbath (and ‘daily’) ay inalis, at ang “kasuklam-suklam” ay itinayo, kung gayon, ang pumalit sa Banal na Sabbath at sa katotohanan ng Santuwaryo ay tinawag na “kasuklam-suklam.” Dahil dito, ang pagsamba tuwing Linggo at ang huwad na pagkasaserdote ay siya lamang mga bagay na maaaring tawaging “kasuklam-suklam,” sapagkat ang ikapitong araw ay pinalitan ng unang araw ng sanlinggo, Linggo—ang “kasuklam-suklam na naninira” Ibig sabihin, ang Sabbath ay nawala sa paningin ng tao, o “iwinaksi sa lupa,” hanggang noong 1844, kasama ng katotohanan ukol sa santuwaryo.

At yamang ang katotohanan tungkol sa paglilingkod sa santuwaryo ay “iwinaksi sa lupa,” (ang katotohanan ukol sa pagkasaserdote ni Cristo sa makalangit na santuwaryo), ang paganong pagkasaserdote, o ang tinatawag ngayong papa, ay itinayo bilang kapalit, kaya't naalis sa iglesya ang tunay na gawaing tagapamagitan ni Cristo.

Ang katotohanan ng santuwaryo, kalakip ng Sabbath, ay muling inihayag noong 1844, sa panahong nagsimula ang paghuhukom (ang pagaalis ng kasalanan) sa makalangit na santuwaryo.

“ Sabi ng propeta: “Mapalad ang bumabasa”—mayroong mga hindi magbabasa; ang pagpapala ay hindi para sa kanila. “At ang mga nakikinig”—mayroon ding tumatangging makinig ng anuman tungkol sa mga hula; ang pagpapala ay hindi rin para sa ganitong uri. “At tumutupad sa mga bagay na nasusulat dito”—marami ang tumatangging pansinin ang mga babala at tagubiling nilalaman ng Apocalipsis; wala ni isa sa kanila ang maaaring umangkin sa ipinangakong pagpapala. Ang lahat ng dumudusta sa mga paksa ng hula at nangungutya sa mga sagradong simbolo na ibinigay dito, ang lahat ng tumatangging ireporma ang kanilang mga buhay at maghanda sa pagdating ng Anak ng tao, ay hindi pagpapalain. GC 341.2

Sa liwanag ng patotoo ng Inspirasyon, paano nangangahas ang tao na ituro na ang Apocalipsis ay isang hiwagang hindi maaabot ng unawa ng tao? Isa itong hiwagang inihayag, isang aklat na nabuksan. Ang pag-aaral ng Apocalipsis ay nagtuturo sa isipan tungo sa mga hula ni Daniel, at kapwa nagbibigay ng napakahalagang turo, na ibinigay ng Diyos sa tao, ukol sa mga pangyayaring magaganap sa katapusan ng kasaysayan ng mundong ito. GC 341.3

Jeremias 9:23, 24. Halos hindi kayang arukin ng isip ng tao ang lawak, lalim, at taas ng espirituwal na mga tagumpay ng sinumang nagkamit ng ganitong kaalaman. AA 531.1

Walang sinuman ang kinakailangang mabigong makamit, sa kanyang saklaw, ang kasakdalan ng Kristiyanong likas. Sa pamamagitan ng hain ni Cristo, ginawang posible para sa mananampalataya na tumanggap ng lahat ng bagay na nauukol sa buhay at kabanalan. Tayo'y tinatawag ng Diyos upang abutin ang pamantayan ng kasakdalan, at inilalagay sa ating harapan ang halimbawa ng likas ni Cristo. Sa Kaniyang pagkatawang-tao, na pinasakdal sa pamamagitan ng palagiang pagtutol sa kasamaan, ipinakita ng Tagapagligtas na sa pamamagitan ng pakikiisa sa Pagka-Diyos, ang tao ay maaaring makamit sa buhay na ito ang kasakdalan ng likas. Ito ang katiyakan ng Diyos sa atin na tayo man ay maaaring magtagumpay nang lubos. AA 531.2

Lunes, Marso 31

Nais ng Diyos na Siya’y Maunawaan

Ano ang sinasabi ng sumusunod na mga talata tungkol sa pagkaunawa ng Diyos kapag inihambing sa ating kabatiran? Awit 139:1-6 , Awit 147:5 , Roma 11:33 , 1 Juan 3:20 .

Awit 139:1–6
“May kanya-kanyang gawaing iniatang sa bawat isa. Ang kaugnayan ng Diyos sa bawat kaluluwa ay natatangi at ganap, na para bang wala nang ibang kaluluwang naririto sa lupa na tatanggap ng masinop na pag-iingat ng ating Amang nasa Langit—na para bang wala nang iba pang pinag-alayan Niya ng Kaniyang pinakamamahal na Anak.

Sabi ng mang-aawit, ‘iyong nauunawa ang aking pagiisip sa malayo. Iyong siniyasat ang aking landas at ang aking higaan, at iyong kilala ang lahat kong mga lakad. Sapagka't wala pa ang salita sa aking dila, nguni't, narito, Oh Panginoon, natatalastas mo nang buo. Iyong isinasaysay ang aking mga paggagala: ilagay mo ang aking mga luha sa iyong botelya; wala ba sila sa iyong aklat? Dito, inihahayag ang hindi-masukat na kadakilaan ng Diyos, habang nadarama rin natin ang Kaniyang malapit na kaalaman sa lahat ng ating mga daan, at ang Kaniyang dakilang kahabagan sa bawat nilikha Niya.” ST Agosto 21, 1884, par. 12

Awit 147:5
“Ang pagpapahayag ng Diyos tungkol sa Kaniyang sarili na ibinigay Niya sa Kaniyang Salita ay para sa ating pag-aaral. Maaari natin itong unawain ayon sa kaya ng tao. Ngunit hindi natin dapat pasukin ang mga bagay na lampas pa rito. Ang pinakamataas mang talino ay mapapagod sa walang kabuluhang pagninilay tungkol sa likas ng Diyos, ngunit mananatiling walang bunga ang pagsisikap. Hindi ito iniatang na suliraning ating lutasin. Walang isipan ng tao ang makakaunawa sa kabuuan ng Diyos. Walang sinuman ang dapat magpakasasa sa haka-haka ukol sa Kaniyang kalikasan. Sa ganitong mga bagay, sa katahimikan ay may taglay na karunungan. Ang Marunong sa lahat ay higit sa anumang pagtatalo.” MH 429.3

Roma 11:33
“Ngunit ang may hangganang pag-iisip ng tao ay hindi sapat upang lubos na maunawaan ang mga plano at layunin ng Walang-Hanggang Diyos. Hindi natin Siya matutuklasan sa pamamagitan ng ating sariling pagsasaliksik. Hindi natin dapat subuking alisin ang tabing na Kaniyang inilagay upang takpan ang Kaniyang kadakilaan. Ang apostol ay sumigaw: ‘oh di matingkalang mga hatol niya, at hindi malirip na kaniyang mga daan!’ (Roma 11:33). Gayon pa man, maaari nating maunawaan nang bahagya ang Kaniyang mga pakikitungo sa atin, at ang mga layunin ng Kaniyang mga gawa, upang ating makita ang walang hanggang pag-ibig at awa na kaakibat ng Kaniyang walang hangganang kapangyarihan. Ang ating Amang nasa langit ang nag-aayos ng lahat ng bagay nang may karunungan at katuwiran. Kaya’t huwag tayong sumuway ni mag-alinlangan, kundi yumuko sa mapitagang pagpapasakop. Kaniyang ihahayag sa atin ang Kaniyang mga layunin ayon sa ikabubuti natin, at lampas doon, dapat tayong magtiwala sa Kamay na makapangyarihan, at sa Pusong puspos ng pag-ibig.” GC 527.1

1 Juan 3:20
“Ang pagiging makasarili ay naglalarawan ng lakad ng marami. ‘Datapuwa't ang sinomang mayroong mga pag-aari sa sanglibutang ito, at nakikita ang kaniyang kapatid na nangangailangan, at doo'y ipagkait ang kaniyang awa, paanong mananahan ang pagibig ng Dios sa kaniya? Mumunti kong mga anak, huwag tayong magsiibig ng salita, ni ng dila man; kundi ng gawa at katotohanan. Dito'y makikilala nating tayo'y sa katotohanan, at papapanatagin natin ang ating mga puso sa harapan niya. Sapagka't kung hinahatulan tayo ng ating puso, ang Dios ay lalong dakila kay sa ating puso, at nalalaman niya ang lahat ng mga bagay. Mga minamahal, kung tayo'y hindi hinahatulan ng ating puso, ay may pagkakatiwala tayo sa Dios; At anomang ating hingin ay tinatanggap natin sa kaniya, sapagka't tinutupad natin ang kaniyang mga utos at ginagawa natin ang mga bagay na kalugodlugod sa kaniyang paningin." 2T 161.1

Martes, Abril 1

Daniel – Ilihim Mo ang Mga Salita

Basahin ang Daniel 12:4. Ano ang sinasabi ng Panginoon kay Daniel dito? (Ihambing ito sa Apocalipsis 22:10 .)

"Sinabihan si Daniel na isara at tatakan ang aklat hanggang sa panahon ng wakas. Kaya't ang aklat ay hindi para sa pagkaunawa ng mga tao bago sumapit ang panahong iyon. Kaya, kapag ang aklat ay nabuksan at naunawaan, maaari nating malaman na ang panahon ng wakas ay dumarating na."

"Bukod sa tandang ito, may isa pang tanda—ang pagtakbo ng mga tao paroo't parito, at ang pagdami ng kaalaman. Batid ng buong sanlibutan na sa loob ng mahabang panahon ng kasaysayan, bago ang ating kapanahunan, ang kabayo ang siyang pinakamabilis na paraan ng paglalakbay at pakikipag-ugnayan ng tao, at ang pamamaraang ito ay tumagal sa loob ng maraming siglo. Subalit ipinaalam ng anghel kay Daniel na sa panahon ng wakas ay magkakaroon ng tiyak na pagbabago, na ang mga tao ay tatakbo paroo't parito. At ayon sa hula ni Nahum ukol sa panahon ng wakas, ipinahayag ng Inspirasyon: 'Ang mga karo ay nagsisihagibis sa mga lansangan; nangagkakabanggang isa't isa sa mga daan: ang anyo ng mga yaon ay gaya ng mga sulo; nagsisitakbong parang mga kidlat.' (Nahum 2:4)"

"Ngayon na ang kaalaman ay lumago mula pa noong nakaraang siglo o mas matagal pa, at ngayong ang singaw, langis, at kuryente ay nakapagpabago sa mukha ng daigdig, at ginawang posible na ang mga tao ay makatakbo paroo't parito nang hindi pa nararanasang bilis, malinaw na malinaw na tayo ngayon ay namumuhay sa panahon ng wakas. Wala nang dapat ipagduda pa hinggil dito. Ito ay positibong katotohanan—katotohanang hindi mo maaaring pasinungalingan at sabay na paniwalaan ang Bibliya at kasaysayan."

"Ang aklat na tinatakan ay hindi ang Aklat ng Apocalipsis, kundi yaong bahagi ng hula ni Daniel na may kaugnayan sa mga huling araw. Sinasabi ng Kasulatan: 'Nguni't ikaw, Oh Daniel, isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat, hanggang sa panahon ng kawakasan: marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago.' (Daniel 12:4) Nang mabuksan ang aklat, ipinahayag ang mensaheng, 'hindi na magluluwat ang panahon.' (Tingnan ang Apocalipsis 10:6). Ang aklat ni Daniel ay ngayo'y nabuksan na, at ang pahayag na ibinigay ni Cristo kay Juan ay dapat iparating sa lahat ng nananahan sa lupa. Sa pamamagitan ng pagdami ng kaalaman, ang isang bayan ay ihahanda upang makapanindigan sa mga huling araw."

Miyerkules, Abril 2

Inaaral ang Salita

Basahin ang Mateo 5:18 , 2 Timoteo 3:15–17 , at Lucas 24:27 . Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa paraang kailangan nating gamitin sa pagaaral ng propesiya ng Bibliya?

"At si Cristo Mismo ang nagsabi, 'Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang sirain ang kautusan... Katotohanang sinasabi Ko sa inyo'"—na binibigyang diin ang Kanyang pahayag—"'Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit, sa anomang paraan ay hindi mawawala sa kautusan, hanggang sa maganap ang lahat ng mga bagay."Mateo 5:17, 18.

Dito'y itinuro Niya, hindi lamang kung ano ang mga kahilingan ng kautusan ng Diyos noon at sa panahong iyon, kundi na ang mga kahilingang ito ay mananatili hangga't may langit at lupa. Ang kautusan ng Diyos ay hindi nagbabago, gaya ng Kanyang trono. Mananatili itong may bisa sa sangkatauhan sa lahat ng kapanahunan. (Patriarchs and Prophets, p. 365.1)

2 Timoteo 3:16, 17 — "Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti."

2 Pedro 1:20, 21 — "Na maalaman muna ito, na alin mang hula ng kasulatan ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag. Sapagka't hindi sa kalooban ng tao dumating ang hula kailanman: kundi ang mga tao ay nagsalita buhat sa Dios, na nangaudyokan ng Espiritu Santo."

Sa positibong pahayag: ang lahat ng Kasulatan, at hindi lamang ang bahagi nito, ang kinasihan. Sa negatibong pahayag: wala sa Kasulatan ang binigyan ng pribagong kahulugan, sapagkat ito ay hindi nagmula sa tao kundi sa Diyos; kaya't kung paanong ang Espiritu ng Diyos ang nagbigay-inspirasyon sa mga tao upang maisulat ang Kasulatan, gayundin ang Espiritu ng Diyos ang siyang dapat magpaliwanag nito sa tao. Walang sinuman, sa sarili niyang kaalaman (nang walang Inspirasyon), ang makapagpapaliwanag ng mga natatakpang hula o anumang bahagi ng Kasulatan, ni makauunawa sa kabuluhan nito kahit na ito'y naipaliwanag na—malibang sa pamamagitan ng kaloob ng Espiritu ng Katotohanan. "Wala sa masasama na makakaunawa; nguni't silang pantas ay mangakakaunawa.." Daniel 12:10

“Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, si Jesus ay napakita sa Kanyang mga alagad habang sila’y naglalakad patungong Emaus, at, ‘At magmula kay Moises at sa mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan..”Lucas 24:27.

Nabuhay ang damdamin ng mga alagad. Nagsimulang mag-alab ang kanilang pananampalataya. Sila’y “ipinanganak na muli sa isang buhay na pag-asa” bago hindi pa man nagpakilala si Jesus. Layunin Niya na liwanagan ang kanilang pag-iisip at patibayin ang kanilang pananampalataya sa “tiyak na salita ng hula.”

Nais Niyang ang katotohanan ay mag-ugat nang malalim sa kanilang isipan—hindi lamang dahil ito’y sinusuportahan ng Kanyang sariling patotoo, kundi dahil sa di-matututulang ebidensya na inilahad ng mga simbolo at anino ng tipikal na kautusan, at ng mga hula sa Lumang Tipan. Mahalaga na ang mga tagasunod ni Cristo ay may matalinong pananampalataya, hindi lamang para sa kanilang sariling kapakanan, kundi upang maipahayag nila ang kaalaman tungkol kay Cristo sa buong sanlibutan. At bilang unang hakbang sa pagpapahayag ng kaalamang ito, itinuro ni Jesus sa mga alagad si “Moises at sa mga propeta.”

Ganoon ang patotoong ibinigay ng nabuhay na maguli na Tagapagligtas tungkol sa kahalagahan at kabuluhan ng mga Kasulatan ng Lumang Tipan. (The Great Controversy, p. 349.1)

Huwebes, Abril 3

Patalinghaga o Literal?

Tingnan ang mga sumusunod na talata, na pinapahintulutan ang Bibliya na maging sarili nitong tagapagpaliwanag (na bigyang kahulugan ang sarili nitong mga terminolohiya). Anong simbolo sa propesiya ang pangkaraniwan sa mga talata sa bawat kalagayan, at ano ang sinasabi ng Bibliya na kinakatawan nito?

Dahil ang sampung sungay na ito ay lumitaw nang sabay-sabay bilang isang pangkat, kinakatawan nila ang mga kasabayang namumunong kapangyarihan. Kapag ang mga sungay naman ay sumasagisag sa mga kapangyarihang sumusunod sa isa’t isa, malinaw na ipinapakita ng Inspirasyon ang pagkakasunod-sunod sa pamamagitan ng paglalarawan ng ilang sungay na umuusbong at ng iba namang nawawala.

Halimbawa, sa pangitain ni Daniel tungkol sa ikaapat na hayop, tatlong sungay ang “nabunot sa mga ugat," at sa kanilang lugar ay umusbong ang isang natatanging sungay. Sa gayunding paraan, nang mabali ang malaking sungay ng lalaking kambing, apat na sungay ang pumalit, at kalaunan ay sumunod ang ikalimang sungay na tinawag na "lubhang dakilang sungay" (Daniel 7 at 8).

Maging ang mga hayop na kumakatawan sa pandaigdigang kapangyarihan sa kani-kanilang mga kapanahunan ay lumitaw mula sa dagat sa sunud-sunod na pagkakasunod. Kaya't sa lahat ng simbolismong mula sa Diyos, ang mga kapangyarihan ay inihahayag ayon sa tamang pagkakaayos ng panahon at mga pangyayari—kung kailan sila lilitaw o mawawala, ayon sa kalooban ng Diyos.

Pahayag 1:16; Efeso 6:17; Hebreo 4:12
Hindi ba't "ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso?"

"Naglaan ang Diyos ng saganang paraan para sa matagumpay na pakikibaka laban sa kasamaan sa sanlibutan. Ang Biblia ang ating taguan ng mga sandata kung saan tayo'y maaaring humango ng kagamitan para sa labanan. Dapat tayong magbigkis ng katotohanan sa ating mga balakang. Ang ating baluti ay dapat maging katuwiran. Ang kalasag ng pananampalataya ay dapat nasa ating kamay, ang turbante ng kaligtasan ay nasa ating ulo; at sa pamamagitan ng tabak ng Espiritu, na siyang Salita ng Diyos, tayo ay magtatagumpay laban sa mga hadlang at kasalimuotan ng kasalanan." AA, p. 502.2 (AA 502.2)

Pahayag 12:1; Pahayag 21:2; Efeso 5:31, 32; Jeremias 6:2
"Sa Pahayag 17, ang Babilonia ay inilarawan bilang isang babae—isang sagisag na ginagamit sa Biblia bilang simbolo ng iglesia: ang isang malinis na babae ay kumakatawan sa isang dalisay na iglesia, samantalang ang isang masamang babae ay kumakatawan sa isang apostasya o tumalikod na iglesia." The Great Controversy, p. 381.1

Biyernes, Abril 4

Karagdagang Kaisipan

Nagsimula ang aralin sa pagpapakita ng kakulangan ng interes sa mga hula sa Biblia, lalo na't marami sa mga ito ay isinulat sa anyo ng mga sagisag at simbolo. Subalit hindi ito dapat maging hadlang sa atin, sapagkat:

"Ang lahat ng ipinahayag ng hula na magaganap ay natunton na sa mga pahina ng kasaysayan hanggang sa kasalukuyang panahon, at makatitiyak tayo na ang lahat ng mga bagay na hindi pa natutupad ay mangyayari sa takdang panahon.” —Patriarchs and Prophets, p. 536.3 (PK 536.3)

Aralin para sa Linggo:
Tinututukan ang pang-unawa sa Salita ng Diyos habang ito’y binabasa o pinag-aaralan. Ang aklat ni Daniel, na minsang sinelyuhan, ay ngayo'y hindi na selyado at nararapat ng pag-aralan at maunawaan. May pagpapalang ipinahayag para sa lahat ng nagbabasa at nakauunawa ng mga hula sa aklat ng Pahayag.

Aralin para sa Lunes:
Tinalakay ang pag-unawa sa Salita ng Diyos.
“Subalit ang may hangganang isipan ng tao ay hindi kailanman sapat upang lubos na maunawaan ang mga panukala at layunin ng Walang Hanggang Diyos. Kailanma’y hindi natin Siya matutuklasan sa pamamagitan lamang ng sariling pagsasaliksik.”.” —The Great Controversy, p. 527.1 (GC 527.1)

Aralin para sa Martes:
Itinuro ang tungkol sa aklat ni Daniel na dating tinatakan ngunit ngayo’y nakabukas na.
“Ang aklat na tinatakan ay hindi ang aklat ng Pahayag, kundi ang bahagi ng propesiya ni Daniel na tumutukoy sa mga huling araw. Sinasabi ng Kasulatan: ‘Nguni't ikaw, Oh Daniel, isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang aklat, hanggang sa panahon ng kawakasan: marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago. (Daniel 12:4).

Nang mabuksan ang aklat, ipinasabi ang pahayag: ‘hindi na magluluwat ang panahon.’ (Tingnan ang Pahayag 10:6.) Ang aklat ni Daniel ay ngayon ay bukás na.” —Selected Messages, Vol. 2, p. 105.1 (2SM 105.1)

Aralin para sa Miyerkules:
Tinalakay ang kahalagahan ng pag-aaral ng Salita. Iba’t ibang kasulatan ang ibinigay upang ipakita na ang Salita ng Diyos ay dumating sa atin sa pamamagitan ng inspirasyon ng Banal na Espiritu, at ito’y maaring maunawaan nang tama lamang sa pamamagitan ng kaparehong Espiritu na nagbigay ng inspirasyon sa mga sumulat nito.

Aralin para sa Huwebes:
Tinalakay na ang Biblia ay ang pinakamahusay na tagapagpaliwanag ng sarili nito.
“Ang wika ng Biblia ay dapat ipaliwanag ayon sa malinaw nitong kahulugan, maliban kung ito ay gumagamit ng sagisag o simbolo. Ipinangako ni Cristo: ‘Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban ay makikilala niya ang turo.” —Juan 7:17

Kung tatanggapin lamang ng mga tao ang Biblia ayon sa pagkakasulat nito, at kung wala sanang mga bulaang guro na magliligaw at magpapagulo sa kanilang mga isipan, magaganap ang isang gawaing ikagagalak ng mga anghel at makapagdudulot sa libo-libong kaluluwa na mapabilang sa kawan ni Cristo.

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:
WhatsApp: (+63)961-954-0737
contact@advancedsabbathschool.org